ASEAN CITATION INDEX

50 YEARS 1967-2017 THE Philosopher's INDEX
SERVING THE GLOBAL PHILOSOPHICAL COMMUNITY

SOCIAL ETHICS SOCIETY
JOURNAL OF APPLIED PHILOSOPHY

Special Issue, February 2024, pp. 263-279
© 2024 Noel S. Pariñas
ISSN: 2546-1885
https://bit.ly/3USQVMB

Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy
Special Issue, February 2024, 263-279

# Ang Espasyo sa Pag-iral ng Tao

Noel S. Pariñas, LPT
University of the Philippines – Los Baños
Email: nsparinas1@up.edu.ph

**Abstrak**

Ang papel na ito ay isang pilosopikong pagsusuri sa konsepto ng espasyo sa Pilipinong pananaw. Ang konsepto ng espasyo sa Pilipinong pananaw ay nagsisilbing dahilan para masabi nating tayo ay nagmamahal sa karunungang nagmula at pinagyaman ng kamalayang Pilipino. Ang konsepto ng espasyo rin ang nagpapatibay sa katwiran na naglalantad sa pangangailangan nang agarang pananaliksik ng karunungang nakaligtaan sa kanluran. Kung ang mga Hapon ay matagumpay na pinagmunihan ang espasyo gamit ang mga konseptong *basho*, *aidagara*, at *zettai mu* tungo sa pagbibigay diin sa pagkamakabayan, ang 'espasyo' ay magsisilbing gabay sa mga Pilipino na lumingon sa kanilang pinanggalingan upang bigyan ng linaw ang layunin sa bawat tangkang bumuo ng masasabing makataong 'pilosopiya natin'. Tungo sa makataong espasyo sa pag-iral ng tao, nais galugarin ng diskursong ito ang mga sumusunod na paksa: 1] Lugar ay Espasyo; 2] Sa Pagitan ng 'Ako' at ng 'Ikaw'; 3] Espasyo Bilang Bukal ng Kaalaman at Pagkatuto; 4] Pagbuo ng Makataong Espasyo at Pagbuwag sa mga Mapang-aping Espasyo; 5] Salaysay ng mga Karanasan Tungo sa Paghulma ng Makataong Espasyo; 6] Espasyo ng/para sa mga Peminista?; 7] Sa Pagitan ng Namatay at ng Namatayan; 8] Saan Matatagpuan ang Kapayapaan?

**Mga Susing Salita:** Espasyo, Pag-iral, Puwang, Pilosopiya

© 2024 NOEL S. PARIñAS
ISSN: 2546-1885

## Paunang Pagsasaalang-alang[1]

*"Sa 'loob' hinuhugot ang mga salawikain; sa loob bumubukal ang sining, tula, awit, pelikula, akda, sakripisyo, at kadakilaan; ang loob ay daigdig ng dangal at pagkamalikhain."*[2]

Mula sa talinghagang iniwan ni Fr. Albert Alejo, isang Heswita, nais kong dugtungan at pagyamanin pa ang sipi sa konteksto ng 'pilosopiya'. Sa loob hinuhugot ang karunungan; sa loob bubukal ang 'pilosopiya'; ang loob ay daigdig ng pagmamahal sa karunungan.

Ang mga Pilipino ay mapagmahal sa karunungan. May mga dalubhasa sa larangan ng pagmamahal sa karunungan na ang pamamaraan ay nabahiran ng banyagang panukat; mayroon ding nagpapakita ng pagmamahal sa karunungan sa pamamagitan ng paghahanap ng kabuluhan ng buhay. Mas kumportable akong gamitin ang konsepto ng pagmamahal sa karunungan kaysa sa salitang pilosopiya o batnayan dahil sa unang banda, mahirap intindihin ang salitang pilosopiya na nakahiwalay sa sistema ng pag-iisip na inihain ng Griyegong kultura o pananaw. Sa ikalawang banda, mas akma ang 'batnayan', na hango sa pinagsamang salitang 'batayan' at 'hanayan' bilang salin ng salitang 'lohika' kaysa ng salitang 'pilosopiya'.

Tanyag ang ilan sa mga pilosopo sa kanilang isinulat at kontribusyon sa larangan ng pilosopiya. Nakilala si Martin Heidegger sa kanyang *Being and Time*. Kilala din si Emmanuel Levinas sa kanyang *Time and the Other*. Pareho silang nakilala dahil sa pagtuon at pagbibigay diin sa konsepto ng 'oras' na nagpapakita ng isang katangian ng makakanluraning pamamaraan ng pag-iisip. May mga pilosopo ring nagbigay ng pansin sa konsepto ng espasyo gaya nila Immanuel Kant sa kanyang *spatial intuition*,[3] Michel Foucault sa

---

[1] Ang Espasyo sa Pag-iral ng Tao *(The Space in Human Existence)* ay ang mahaba at inereserbang bersiyon ng binasang papel sa publiko sa *Biennial Summit* ng *Union of Societies and Associations of Philosophy in the Philippines* na ginanap sa Pamantasan ng San Luis, Lungsod ng Baguio noong ika-1 ng Hunyo 2023.

[2] Fr. Albert Alejo, SJ, *Magisterial Lecture on* "Tao Po! Tuloy! Halina sa Loob ng Tao" *available and accessible at* https://www.youtube.com/watch?v=VEvVVJe-dgc.

[3] Naniniwala si Kant na ang mga espasyo ay purong anyo ng intuwisyon dahil kailangan nilang mauna at buuin ang lahat ng karanasan ng mga indibidwal na panlabas na bagay at panloob na estado.

kanyang *heterotopia*,[4] at Henri Lefebre sa kanyang *mental, physical, social spaces* o *perceived, conceived, lived spaces*.[5]

Bagamat walang puwang sa empirikong agham ang paniniwala dahil ang agham ay nakabase sa kaalaman at hindi sa paniniwala, naniniwala ako na ang konsepto ng espasyo sa Pilipinong pananaw ay

---

[4] Ang heterotopiya ni Foucault ay isang konsepto na naglalarawan ng mga espasyo na iba sa itinuturing na normal o kumbensyonal. Ang mga puwang na ito ay umiiral sa labas ng mga pangunahing pamantayan sa kultura at lumikha ng kanilang sariling natatanging hanay ng mga panuntunan, halaga, at kasanayan. Ang *Heterotopias* ay mga puwang kung saan nagtatagpo ang iba't ibang realidad sa lipunan, kultura, at pampulitika na lumilikha ng isang puwang na sabay na totoo at haka-haka. Umiiral ang mga heterotopiya sa pagsalungat ng mga *utopia* na mga ideolohikal na espasyo na hindi talaga umiiral. Ang *Heterotopias* ay mga tunay na puwang na umiiral sa mundo na madalas binabalewala o isinasantabi ng pangunahing kultura. Kabilang sa mga halimbawa ng heterotopiya ang mga kulungan, ospital, at libingan na umiiral sa labas ng pang-araw-araw na buhay at may sariling natatanging hanay ng mga panuntunan at kasanayan. Ang *Heterotopias* ay gumaganap upang hamunin ang nangingibabaw na mga pamantayan sa kultura at magbigay ng puwang para sa mga *subculture* o *culture of silence* na umiral. Maaari silang magsilbi bilang mga lugar ng paglaban, kung saan ang mga *marginalized* na grupo ay maaaring magsama-sama at malayang ipahayag ang kanilang sarili. Ang konsepto ng Heterotopiya ay nagmumungkahi na ang mga espasyo ay hindi *neutral*; taglay nila ang kahalagahang panlipunan, kultural, at pampulitika na humuhubog at hinuhubog ng mga taong sumasakop sa kanila.

[5] Ang pilosopiya ng espasyo ni Lefebre ay nagbibigay diin sa sosyal at kultural na aspeto ng espasyo. Para kay Lefebre, ang espasyo ay isang produktong panlipunan at nilikha sa pamamagitan ng pagkilos at pakikipag-ugnayan ng tao. Sa madaling salita, ang espasyo ay hindi lamang isang pisikal na nilalang. Ito ay binibigyan ng kahulugan at kahalagahan ng mga taong sumasakop dito. Ang espasyo ay hindi neutral. Sa halip, ito ay sumasalamin sa mga ugnayang panlipunan, pang-ekonomiya, at pampulitika na umiiral sa loob ng isang lipunan. Malaki ang papel ng *power dynamics* sa paghubog ng espasyo. Ang iba't ibang grupo sa lipunan ay may iba't ibang antas ng kontrol sa espasyo. Ang konsepto ng espasyo ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng pag-unawa sa sosyal, kultural, at politikal na dimensyon ng espasyo. Kinikilala nito na ang espasyo ay hindi lamang isang pisikal na nilalang, ngunit ito ay hinuhubog din ng mga halaga, paniniwala, at pagkilos ng mga sumasakop dito. Ang *perceived space* ay tumutukoy sa kung paano natin nakikita ang mundo sa pamamagitan ng ating mga pandama sa pamamagitan ng pagiging nasa mundo. Ang *conceived space*, na siyang nangingibabaw na espasyo sa bawat lipunan, ay tumutukoy sa kung paano natin naiintindihan ang espasyo sa pamamagitan ng ating kaalaman. Ang kaalamang ito ay pinaghalong pang-unawa at ideolohiya. Ang *lived space* ay kalupkop ng pisikal na espasyo at gumagawa ng simbolikong paggamit ng mga bagay nito. Ito ay tumutukoy sa kahulugan na iniuugnay natin sa kalawakan. Sa ganitong paraan, sinasalamin ng pangkat na tatlo ang parehong diyalektikong ugnayan sa pagitan tulad na mga tungkulin ng natural, mental, at panlipunang mga realidad ng espasyo.

nagsisilbing dahilan para masabi kong ako ay nagmamahal sa karunungang nagmula at pinagyaman ng kamalayang Pilipino. Saksi ang kasaysayan kung paano kalungkot-lungkot na pinatahimik ng kanluraning-pananaw ang pinanggagalingan ng malikhaing pag-iisip dito sa silangan, ang konsepto ng espasyo ang nagpapatibay sa katwiran na naglalantad sa pangangailangan ng agarang pananaliksik ng karunungan na nakaligtaan sa kanluran.

## Lugar ay Espasyo

Isa sa pamamaraan ng pagmamahal sa karunungan ng mga Pilipino ay ang pagpapahalaga at paggalang sa lugar kung saan naninirahan ang mga tao. Ang bawat lugar ay isang paanyaya ng pagkilala sa mga karapatan at posibilidad ng bawat suheto. Ang bawat suheto ay may kinabibilangang lugar na may konteksto at lengguwahe na nagpapakita ng relasyon ng bawat isa at relasyon ng mga relasyon.

Ang tanong kung 'nasaan ka?' o 'saan ka galing?' ay tanong na tumutukoy sa lugar na hindi pwedeng ihiwalay sa konteksto. Ang lugar ay hindi lamang lugar sa intelektual o teoretikal na pananaw; ito ay konkretong lugar na nagbubukas ng napakaraming oportunidad hindi lamang upang mag-isip, kundi upang makisalamuha at makipagkapwa-tao. Sa katunayan, ang tanong na 'saan ka galing?' ay kadalasang pambungad ng isang taong may nakasalubong sa daan hindi upang mang-usisa sa literal na pinanggalingan ng kasalubong kundi upang magbigay ng pagbati o magpasimula ng usapan. Isa itong bukod-tanging pamamaraan ng mga Pilipino upang tumawag ng pansin.

Maging sa salawikain na "ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan" ay may nakatagong aral sa buhay na 'espasyo' ang pinaka pundasyon. Isa itong malinaw na batayan na may dunong sa 'espasyo'.

Napakahalaga ng lugar sa bawat Pilipino. Lugar ang nagpapahayag ng oras, ng tugon, ng salita, at ng konteksto. Dahil sa lugar, masasabi kong 'ako ay Pilipino'. Isa sa pangunahing sangkap ng estado ay teritoryo na tumutukoy sa pisikal o heograpikal na lugar kung saan nakatira ang mga mamamayan nito. May mga umaayon sa pananaw na ang basehan ng pagkamamamayan *(citizenship)* ay hindi ang namanang pagkamamamayan ng mga magulang *(jus sanguinis)* kundi ang lugar kung saan ipinanganak ang isang mamamayan *(jus*

*soli)*. Kung ang pagkamamamayan na konseptong politikal ay nakabase sa lugar ng kapanganakan, maging ang kabansaan *(nationality)* na konseptong etniko o antropolohikal ay batay din sa lugar ng kapanganakan.

Ang lugar ay hindi nasusukat sa lawak o kipot sa larangan ng pagmamahal sa karunungan. Ang lugar ay pagkakataon ng bawat tao upang magpakatao. Ang lugar ay isang paanyaya ng pagtugon sa panawagan na paglapit sa isang tao upang tanggalin ang walang katapusang pagitan na nagsisilbing hadlang sa pakikinig at pagbibigay pugay sa kaibhan. Ang kaibhan ay kundisyon at kahalagahan ng relasyon ng bawat tao na nagpapahayag ng ganap na pagtugon at pagtanggap na hindi kayang wakasan maging ng patuloy na pagsasaliksik.

Pagitan ang nagsisilbing dahilan upang masabi kong ako ay iba sa iba. Ito rin ang dahilan kung bakit hindi posibleng mabuhay nang mag-isa dahil ang pag-iisa ay nagpapahiwatig ng lugar na ang isa ay lumayo sa marami. Kakambal ng salitang 'ako' ang 'hindi ako'.

## Sa Pagitan ng 'Ako' at ng 'Ikaw'

Mapapansin na karamihan sa mga salitang Filipino ay salitang iniuugnay ang tao o pangyayari sa relasyon sa pamamagitan ng paggamit ng panlaping 'ka'. Ang panlaping 'ka' ay hindi lamang tumutukoy sa makasosyal na relasyon; ito rin ay tumutukoy sa pagitan ng bawat suheto. Napag-uusapan ang 'ka' dahil ang mga suheto ay magkakaugnay ayon sa konteksto. Marahil[6] ay may nakatagong ugnayan sa salitang 'kapuwa' at salitang 'puwang' na nagbibigay diin sa pagkakakilanlan ng sarili na nandito at nang ibang taong nandoon; gayundin sa salitang Ilocano na *'kadwa'* na tumutukoy sa kasama, mula sa salitang *'duwa'* na ang ibig-sabihin ay 'dalawa'. Ang salitang *'kadwa'* o *'kakadwa'* ay nagbigigay diin sa pluralistikong kondisyon ng espasyong ating ginagalawan. Dagdag pa dito, ang 'kapatid' ay kahati o kaputol na pinaikli ng salitang tol o utol. Maging ang salitang 'kaaway' ay nagpapakita ng pagitan na nagtutulak palayo sa magkaaway dahil sa hindi pagkakaunawaan o dahil sa pagkabigo sa pagtanggap ng kaibhan ng katunggali. Ang salitang 'kamatayan' din na maaaring tumutukoy sa relasyon nang namatay at ng namatayan ay naiuugnay

---

[6] Nasabi kong 'marahil' sapagkat hindi pa malinaw kung ang salitang-ugat ng 'kapuwa/kapwa' ay 'puwang'o 'pawa'.

sa pagliban sa ibang mundo o lugar para sa mga namayapa (sa pananaw ng mga naniniwala sa dalawahang konsepto ng kabilang buhay).

Ang panlaping ‘ka’ ang isa sa pagkakakilanlan ng salitang Filipino na naiiba sa mga salitang banyaga. Pagpapatunay ito na laging isinasangkot ng salitang karunungan ang makasosyal na relasyon kung saan ang salitang ugat na ‘dunong’ ay pinangungunahan ng panlaping ‘ka’. Ang pagmamahal sa karunungan ay proyekto o gawaing ginagampanan ng bawat isa na maisasakatuparan lamang kasama ang ibang tao. Dahil sa sama-samang pagsusumikap ng bawat may dangal upang maghanap ng kabuluhan ng pag-iral at patuloy na magmahal sa karunungan, mas nagiging malinaw na ang landas ng pagpapakatao ay posible lamang dahil sa paglantad ng iba’t ibang espasyo tungo sa pakikipagkapwa-tao.

## Espasyo bilang Bukal ng Kaalaman at Pagkatuto

Nakasentro ang epistemolohiya bilang sangay ng pilosopiya sa pagsasaliksik sa teorya ng kaalaman. Likas nga ba ang kaalaman sa tao o nakukuha lamang ito sa karanasan? Mapapansin na maging ang salitang ‘kaalaman’ ay nagbibigay diin sa pananaw na ang kaalaman ay bunga ng karanasan sa pagsusumikap na makibahagi sa paghahanap ng katotohanan. ‘ka’alaman, ‘ka’ranasan, at ‘ka’totohanan ay mga salitang may ugnayan. Maliban sa nakatagong implikasyon ng mga salita na tumutukoy sa iba’t ibang uri ng relasyon, ang mga salitang ito ay pinagyaman din ng panawagan o imbitasyong makiisa sa hamon na balasahin at salain ang ating pananaw upang bigyan ng puwang ang mga naisantabing oportunidad na bunga ng takot at pag-aalinlangang makilahok sa masakit na diskurso tungo sa pagbabago.

Sa salitang ‘kaalaman’, pinagtitibay ang laman ng alam. Sa salitang ‘katotohanan’, ang katoto ay kasama; ang katotohan ay sinasaliksik nang may kasama upang maberipika ang kaalaman; ang pagkatuto ay gantimpala sa pagsasaliksik nang may kasama sa napakalawak na espasyo ng karanasan o espasyo ng mga pwedeng maranasan.

Salungat sa pananaw na ang katotohanan ay binibigyang buhay ng tao, ang katotohanan ay buhay at kusang lumalantad sa tao. Ang kailangan lang ay ang pagiging handa sa pagtanggap dito. Sa pagiging handa, napakahalagang sangkap ang pagiging bukas, pakikinig, at

pagyakap na walang bahid ng manipulasyon. Sa lugar na payapa, maririnig ang bulong o sigaw ng katotohanan. Dahil walang may monopolyo sa katotohanan, bawat tao ay testigo sa paglantad nito. Ang bawat isa ay may bahagi sa naratibo ng paglalahad sa katotohanan.

Hindi ekonomiya ng katotohanan ang pormal na edukasyon. Sa kasalukuyan, karamihan sa institusyong pangkaalaman ay komersyalisado, kolonyalisado, at imperyalisado. Sa halip na maging daan tungo sa katotohanan, kalayaan, at katarungan, ang mga paaralang base sa ideyolohiyang kapitalista ang pinagmumulan ng opresyon at dehumanisasyon. Pinapatay ng maladiktaturyang sistema ng edukasyon ang dapat sana ay aktibo o daynamikong diskurso at ang malaya o mapagtanong na pag-iisip. Nalulustay ang oras at yaman sa walang kabuluhang pag-iipon ng mga dokumento at papel na hinihingi ng akreditasyon. Nakaliligtaan ang pangunahing layunin ng edukasyon dahil sa nausong pamantayan ng tagumpay na base sa numero o dami imbes na sa kalidad.

Dahil sa mapang-aping sistema, nagiging mapang-api rin ang mga nagpapatupad dito. Ang paaralan na dapat sana ay espasyo ng akademikong kalayaan ay nagiging pabrika ng walang boses na obheto. Pilit hinuhulma ang mga mag-aaral ayon sa disenyo ng higanteng kapitalismo na pinapatakbo ng iilang ekonomiko at politikal na elitista. Napakalayo ng teoryang itinuturo sa mga paaralan sa praktikal na hinihingi at pangangailanagan ng lipunan. Nagiging hadlang ang apat na sulok at apat na pader ng silid-aralan sa masusi at mausisang paglalakbay tungo sa landas ng tuloy-tuloy na pagpapakatao.

## Pagbuo ng Makataong Espasyo at Pagbuwag sa mga Mapang-aping Espasyo

Sa isang panayam kay Fr. Albert Alejo, SJ na pinamagatang *Tao po! Tuloy! Halina sa Loob ng Tao!* masusi niyang binalangkas ang salitang ‘loob’. Sa kanyang panayam, binigyan niya ng malinaw na basehan ang relasyon ng ‘loob’ at ‘pagpapakatao’. Ilan sa nabanggit na konsepto ni Fr. Alejo patungkol sa ‘loob’ ay ang mga sumusunod: tatag/tibay/lakas ng loob; bagong/kagandahang loob; bukas/dakila/buo/panatag/palagay ang loob; kusang loob o bukal sa kalooban; nagkahulihan ng loob; utang na loob; kalinisan o

kadalisayan ng kalooban. Ayon sa kanya, sa 'loob' hinuhugot ang mga salawikain; sa loob bumubukal ang sining, tula, awit, pelikula, akda, sakripisyo, at kadakilaan; ang 'loob' ay daigdig ng dangal, pagkamalikhain, at mga tagong ugnayan dahil *"sa ibabaw ng tubig ang mga isla ay hiwalay pero kapag ikaw ay sumisid sa puso ng daigdig, lahat ay magkakaugnay."*[7] Tama nga naman si Gat Apolinario Mabini na ang tunay na rebolusyon ay ang pagbabago ng kalooban.

Ang 'loob' ay natatangi sa mga Pilipino. Hindi lamang ito isang konsepto na ikinakabit sa mga salita, kundi isa ito sa pagkakakilanlan ng ating lengguwahe, istruktura ng pag-iisip, at mundo. Isa itong espasyo ng pagkatao, pagpapakatao, at pakikipagkapwa-tao. Ang 'tao po!' ay paalala na sa labas ay may nagpapakatao na nag-aantay pagbuksan upang makapasok sa loob. Ang 'tao po!' ay paanyaya o panawagan na ang nasa labas ay papasukin sa loob. Mauunawanan ng nasa labas ang 'loob' kung siya ay nakapasok na. Mauunawaan ng nasa labas na nakapasok sa loob ang pananaw ng nasa loob na nakadungaw o nakasilip upang makita o masilayan ang labas.

Naiuugnay din ang katawan sa 'loob'. Hindi lamang *"sa akin ang katawan ko."* kundi *"ako ang katawan ko"* dahil *"ang sakit ng kalingkingan ay sakit ng buong katawan"*. Hindi lamang ang daliri ko ang nasaktan; ako ang nasaktan. Dahil sa sakit na aking nararanasan, sumasama ang aking pakiramdam. Sa paghamak mo sa aking pagkatao, sumasakit/bumibigat/sumasama ang aking kalooban. Dahil sa mahalagang ginagampanan ng konsepto ng 'loob' sa pagka-Pilipino, ito ay hudyat na ang karunungan, *zhi* sa Tsino o *sophia* sa Griyego ay bubukal sa 'loob'.

Sa puso ng pagmamahal sa karunungan ay masisilayan ang kalayaan. Dahil sa mga mapang-aping espasyo, kumikipot ang ginagalawan ng tao sa lipunan na nagiging banta sa kalayaan. Ang panghihimasok (pagpasok sa loob ng walang paalam) ay pagyurak sa karapatan at kalayaan. Bawat isa ay may pananagutan sa kapwa na palayain ang kalooban.

---

[7] Fr. Albert Alejo, *Magisterial Lecture on* Tao Po! Tuloy! Halina sa Loob ng Tao *available and accessible at* https://www.youtube.com/watch?v=VEvVVJe-dgc.

## Salaysay ng mga Karanasan tungo sa Paghulma ng Makataong Espasyo

Mga kwento ng karanasan ang pinaghuhugutan ng pananaw sa kung ano ang mabuti at masama, tama at mali, maganda at pangit. Noong bata tayo, malugod tayong nakikinig sa mga kwento ng mga matatanda. Inaabangan natin sa telebisyon ang *Kwento ni Lola Basyang*. Ang laging tanong pagkatapos ng kwento ay: *"what is the moral lesson"* o anong aral ang napulot sa kwento? Sa ating pagtanda, nakikilahok tayo sa mga kuro-kuro at salo-salo upang makinig o magbahagi ng karanasan. Para sa mga Igorot, partikular sa mga Kankanaey, ang pagpupulong ng mga matatanda ay ginaganap sa *dap-ayan.* Bahagi ng kulturang Pilipino ang kwentuhan dahil ang bawat kwento ay may kwenta. Sa bawat naratibo, nakapupulot tayo ng kagandahang asal; natututo tayo ng kabutihan o kabusilakan ng looban. Ang kwentuhan ay isang espasyo na pinagmumulan ng karunungan. Isa itong abenida sa mga Pilipino na ilantad ang kanilang pagmamahal sa karunungan.

Malungkot o masaya man ang kwento, ito ay kinapupulutan ng aral. Nakikita natin ang kaibhan ng kasamahan at kasamaan. Natututo tayo kung paano maging mabait o mabuti. Ang kabaitan ay kabutihan; ang kabutihan ay kagandahan. Ang taong mabait ay mabuting tao; ang mabuting tao ay may magandang pag-uugali at asal. Kaya ang taong nasiraan ng bait ay taong wala sa huwisyo; hindi niya mabigyan ng kaibhan ang tama at mali.

Awit, tula, pelikula, dula, at iba pang sining ay pamamaraan ng paglalahad ng kwento at karanasan. Ang paglalahad ng kwento ay nangangailangan ng tamang espasyo. Nakapagbabahagi ng karanasan at kwento ang mang-aawit o artista ng malikhain sa entablado o kamera na ilan sa mga halimbawa ng espasyo ng sining. May mga tema na tumutukoy sa opresyon na dinadanas ng mga manggagawa sa kamay ng kapitalista at oportunista. Sa mga salaysay nabubuksan ang ating kaalaman sa mga pangyayari sa ibang dako ng lipunan. Sa mga salaysay din natin napagtatanto na may mga espasyo pang dapat galugarin na sa ngayon ay hindi pa abot ng ating tanaw.

## Espasyo ng/para sa mga Peminista?

Malinaw na naipakita ng kasaysayan ang dinanas na dahas ng mga kababaihan sa patriyarkiyang espasyo. Kasaysayan din ang magpapatunay na ang mga kababaihan ay itinuring na mas mababang uri ng tao kumpara sa kalalakihan. Hindi sila binigyan ng pagkakataong makilahok sa politika, trabaho, at maging sa edukasyon. Naisantabi ang kanilang karapatan sa mga larangan na ito at ang kanilang galaw ay limitado lang sa mga gawaing bahay - tungkulin bilang ina at tungkulin bilang asawa. Humantong pa nga sa puntong sila ay naabuso ng pisikal, berbal, sikolohikal, at maging ekonomikal. Ang mga pangyayaring ito ang nag-udyok sa ilan sa kababaihan na suriin ang kahulugan ng pagkababae at bigyang-boses ang ipinagkait na karapatan. Dahil sa abusadong patriyarkiya ay isinilang ang katunggali – ang pemenismo. Hindi maipagkakaila na isang dayalektiko ang tunggalian ng dalawang uri.

Naging makabuluhan ang ginampanan at ginagampanang tungkulin ng peminismo sa pagbibigay balanse sa mga karapatan ng bawat tao. Sa Pilipinas, naglaan ng pondo ang gobyerno para sa mga programang patungkol sa sensitibong pagtingin sa mga kasarian na pagbibigay-kapangyarihan sa kababaihan ang pangunahing adbokasiya. Sa larangan ng pilosopiya, ang peminismo ay may layunin na bumuo at umangkin ng sariling espasyo. Matagumpay na naisabatas ang ligtas na espasyo o espasyong malaya sa mga dahas para sa kababaihan. Sa katunayan, mas nauna pang naisabatas ang 'Anti-VAWC'[8] bago ang 'Bawal Bastos'[9].

Ang nakakaalarma ay ang posibleng pagpalit ng posisyon ng kababaihan at kalalakihan sa lipunan dahil sa eksahiradong tugon sa mga daing ng ilan sa mga peminista. Kapag nangyari iyon, ang dating mapang-aping kalalakihan at inaaping kababaihan ay magpapalit lang ng kinalalagyan. Kababaihan ang mamamayagpag sa pang-aapi at kalalakihan ang magiging api. Sa ganitong tunggalian ng dalawang uri, nasayang ang ipinaglalaban ng peminismong pagkakapantay-pantay dahil nag-iba lang ng anyo ang mapang-aping uri; ang dahas at pang-aapi ay nananatili sa lipunan.

Sa kasalukuyang panahon, wala o kulang nga ba ang boses ng mga kababaihang Pilipino? Hindi nga ba patas ang mga oportunidad

[8] *Anti-Violence Against Women and Their Children Act*, 2004.
[9] *Safe Spaces Act*, 2018.

para sa kanila? Sila nga ba ay naisantabi o mas naisantabi ang mga nabibilang sa populasyon ng mga LGBTQatbp? Sa tatlong sangay ng gobyerno, humawak ng pinakamataas na posisyon ang kababaihan. May mga naging pangulo ng bansa at pangulong mahistrado. Marami ring naging senadora at kongresista. Maging sa ibang ahensya ay namamayagpag ang kababaihan. Mas maraming batas ang nagpapalakas sa kababaihan, mas maraming programa para sa kababaihan at nakakaligtaan na ang pangunahing layunin ng peminismo na pagkakapantay-pantay ng mga karapatan.

Ating suriin ang depekto ng ilan sa mga programa ng gobyerno patungkol sa gender. Unahin natin ang *Gender and Development* o GAD[10]. Malaking pondo ang inilalaan ng gobyerno sa GAD taon-taon. Bawat ahensya ng gobyerno ay may eksklusibong opisina ang GAD. Maganda ang konsepto kung tutuusin. Isinusulong nito ang edukasyon patungkol sa kasarian at pagpa-unlad nito. Ang nakakadismaya ay ang paulit-ulit na usapin patungkol sa karapatan ng kababaihan taon-taon. Sa tuwing may pantas-aral, hindi na nakawala sa bitag ang usapan sa *women empowerment*. Samakatuwid, walang *development* at hindi natutugunan ng pansin ang ibang kasarian sa lipunan. Matagumpay sana ang peminismo sa konteksto ng GAD kung ang pemenismo ay gamit bilang kasangkapan lamang tungo sa inklusibong sangkatauhan at hindi layunin mismo. Hindi lamang epistemolohikal na tanong kung awtentiko nga ba ang GAD, isa rin itong moral na katanungan.

Ang adbokasiyang di-awtentikong pagkakapantay-pantay ay nagdudulot ng panibagong diskriminasyon at tunggalian. Magkaiba ang katarungan sa pagkakapantay-pantay. Pinagtitibay ng katarungan ang kaibhan ng bawat isa at binibigyang diin ang kagandahan ng kaibhan. Samantala, pilit hinuhulma ng pagkakapantay-pantay ang kaibhan sa pagkakapareho. Kung usaping pantay na oportunidad, hindi kailanman magkakaron ng oportunidad ang kalalakihan na magsilang ng sanggol. Hindi rin kailanman kakayanin ng limang kababaihan na umihi sa isang *arinola* nang sabay-sabay. Ngunit ang mga kaibhang ito ay hindi dapat tignan na kawalan ng katarungan. Ito ay ilan sa mga kaibhan na nagpapakita na may kanya-kanyang katangian at ginagampanang tungkulin ang bawat isa sa lipunan.

---

[10] *Approving and Adopting the Philippine Plan for Gender-Responsive Development for* 1995 to 2025, 1995.

*Anti-Violence Against Women and their Children* ay batas na nagbibigay proteksyon sa kababaihan laban sa mga pang-aabusong pisikal, sekswal, sikolohikal, pinansyal, at maging berbal. Ang paulit-ulit na pagmumura sa asawang babae ay maituturing na berbal na pang-aabuso na ayon sa batas ay isang krimen. Ngunit kung ang lalake ay paulit-ulit na murahin ng asawang babae, walang krimen dahil walang batas na nakakasakop dito. Bakit kaya hindi na lang ginawa ng mga mambabatas na *Anti-Violence Against Humans* upang sa ganoon ay patas at walang kinikilingan na uri ang batas? Batas na sana ay bumubuo ng espasyo ng inklusibong katarungan ay batas na nagsisiga ng panibagong anyo ng diskriminasyon.

May mga batas na naglalayong bigyang daan ang pagbuo ng ligtas na espasyo para sa kababaihan, bakla, tomboy, at iba pang kasarian laban sa kalalakihan. Kalalakihan nga ba ang dapat husgahan? Hindi ba ang dapat sugpuin ay opresyon, diskriminasyon, at dahas na dulot ng mapang-aping sistema, programa, teorya, pananaw, at tradisyon? Sangkap sa pagsupil sa opresyon ay ang hindi pagbuo ng panibagong dominanteng uri. Bawat tao ay nangangarap na umiral sa isang ligtas at makataong espasyo na hindi nakabase sa kasarian o uri dahil sa pamamayagpag ng isang uri, may uring naiiwan at naaapi.

Malinaw sa saligang batas ang pagkilala sa tungkulin ng kababaihan na dapat nilang gampanan tungo sa pagbuo ng bayan. Ang Komisyon ng Kababaihan[11] ay may batayan na probisyon sa konstitusyon. Sana ay gamitin nang tama ang probisyon ng konstitusyon upang bumuo ng makatarungan at inklusibong espasyo para sa lahat na hindi limitado sa dalawahan *(binary)* ng kasarian. Kabilang ako sa mga naniniwala na ang pemenismo at ang alternatibong inihahain o iniaalok nito ay kasangkapan *(means)* lamang tungo sa lipunang abot-kamay ang lahat, ngunit kritiko ako ng mga nagsusulong ng peminismo bilang layunin mismo *(end)*. Ako ay kritiko hindi dahil umaayon ako sa patriyarkiya kundi dahil hindi dapat hayaang lumaganap ang anumang uri ng lipunan na may pinapanigang kasarian o uri mapa-patriyarkiya man o matriyarkiya.

Ang mga nabanggit na batas at programa ng gobyerno ay ilan lamang sa mga dapat muling suriin, pagbulayan, at pag-usapan. Maaari

---

[11] *Magna Carta of Women*, 2009.

ring tignan ang diskriminasyon at implikasyong dulot ng nakababahalang kaibahan ng *Adultery* at *Concubinage*.[12]

## Sa Pagitan ng Namatay at ng Namatayan

Ang buhay ay walang katiyakan; ang kamatayan ay may katiyakan. Pagkapanganak ng isang tao, siya ay nakatanggap na ng bilyete tungo sa kamatayan kung saan ang katawang-tao ay binibigyan lang ng tamang-tamang kwadradong espasyo sa ilalim ng lupa. Kakambal ng kapanganakan ang kamatayan. Ang buhay ay hindi nangangailangan ng pasubali at ang patutunguhan nito ay tiyak. Kailangang tanggapin ang hindi maiiwasang kaganapang ito sa ayaw man o sa gusto. Sa mas maagang pagtanggap sa katotohanang ito, mas mabibigyan ng direksyon ang buhay tungo sa mabuting layunin. Ang totoo, hindi naman nababahala ang tao sa kamatayan; nababahala siya sa maling pananaw meron siya sa kamatayan. Hindi kakila-kilabot ang kamatayan; ang kakila-kilabot ay ang takot sa kamatayan na nananaig sa kanyang isipan. Bakit kailangan maging malungkot kung ang tadhana ay pangkaraniwan at ang patutunguhan ay pareho lang sa lahat ng tao?

---

[12] Narito ang ilang legal na implikasyon ng kilalang kautusan mula sa Bibliya. Tinutukoy sa Artikulo 333 ng Binagong Kodigong Penal na ang "*adultery* o pangangalunya ay nangyayari sa pamamagitan ng pakikipagtalik ng isang babaeng may asawa sa isang lalaki na hindi nya asawa, at ang lalaking ito ay nagkaroon ng karnal na pagtatalik sa babae kahit na alam niyang kasal ito, at kahit pa sa dakong huli ay madeklarang walang bisa ang nasabing kasal" *(Revised Penal Code, 1930).* **Una**, ating pag-usapan ang ika-anim na utos: "Huwag kang maki-apid." 1] Kaugnay ng legal na kahulugan ng *adultery*, kung ang ika-anim na utos ay eklusibo at malinaw na nagbabawal ng pangangalunya, ngunit walang binanggit tungkol sa *concubinag*e, maaring ipagpalagay na ang *concubinage* ay hindi ipinagbabawal; 2] Sa relasyon sa pagitan ng isang lalaking kasal at ng kanyang kalaguyong babae na hindi kasal, walang *adultery*; 3] Sa relasyon sa pagitan ng isang lalaking kasal at ng kanyang kalaguyong lalaki, walang *adultery*; at 4] Sa relasyon sa pagitan ng isang babaeng kasal at ng kanyang kalaguyong babae, walang *adultery*. **Pangalawa**, ating suriin ang ika-siyam na utos: "Huwag kang magnasa sa hindi mo asawang babae." 1] Kung ang ika-siyam na utos ay eksklusibo at malinaw na tumutukoy lamang sa asawang babae at hindi sa asawang lalaki, maaaring ipagpalagay na ang asawang lalaki ay hindi kasali sa pagbabawal; 2] Ang relasyon sa pagitan ng isang lalaking nagkaroon ng karnal na pagtatalik sa isang lalaking may asawa ay hindi kasama sa pagbabawal; at 3] Ang relasyon sa pagitan ng isang babaeng hindi kasal na nagkaroon ng karnal na pagtatalik sa isang lalaking may asawa ay hindi sakop sa pagbabawal.

May katiyakan sa pagdating at walang katiyakan kung kailan dadating, ang kamatayan ay lantad sa tao, nauuna, sukdulang 'hindi pa' ngunit darating din. Hindi lang ito isang kaganapan, kundi isa itong nalalapit at nakadungaw na mangyayari. Ito ay isang hindi masukat na posibilidad ng pagiging hindi na posible ng isang tao. Bilang pangyayaring hindi pwedeng malampasan, ito ay inaasahan lang sa karanasan ng pagkabalisa na nagiging patuloy na banta.

Ang kamatayan ay kaharian ng hindi alam[13], ang rehiyon ng hindi masasabi, isang relasyon sa misteryo, ang hindi alam na hindi alam. Nakatuon sa kasalukuyan, ang kamatayan ay nauunawaan bilang pagtatapos ng buhay. Bilang pagtanggap sa katotohanang may hangganan ang buhay ng tao, isa itong paalaala ng hindi pagpapaliban ng mga tungkulin na dapat gampanan sa malalapit sa atin. Mahirap tanggapin ang pagkawala ng mga taong minamahal natin dahil nasanay tayong buhay sila. Kapag ang isang tao ay nasanay, dapat din siyang maging handa na bayaran ang halaga ng kalungkutan kapag naganap ang paghihiwalay. Ang pag-ibig sa buhay ay maaaring magkaroon ng takot sa kamatayan. Sa pagitan ng namatay at ng namatayan ay isang etikal na espasyong paulit-ulit na nagpapaalala na huwag nang ulitin sa ibang nabubuhay pa ang mga naging pagkakamali o pagkukulang ng namatayan sa namatay. Mga alaala ang nag-uugnay sa kasalukuyan at nakaraan. Alaala din ang nagdurugtong sa namatay at sa namatayan. Walang duda, sa salitang 'kamatayan' ay may nakatagong ugnayan ang namatay at ang namatayan.

## Saan Matatagpuan ang Kapayapaan?

Pangarap ng bawat tao ang kapayapaan[14] – payapang isip, payapang puso, at payapang buhay. Patuloy ang paghahanap natin ng kapayapaan. Minsan ay kailangang iwan ang pinagmulan upang maghanapbuhay, o maghanap ng ikabubuhay, o maghanap ng kabuluhan ng buhay dahil sa pag-asang ang magbibigay ng kabuluhan sa buhay ay siya ring magbibigay ng kasagutan sa katanungan, papawi sa kalungkutan, at pupuno sa kakulangan. Samakatuwid, ang

---

[13] Sa salitang 'alam' *(know)*, maaaring bumuo ng panibagong mga salita: [1] ipaalam *(inform)*, [2] ipaalam *(ask permission),* pwede ring [3] paalam *(goodbye).* Ang kamatayan ay ganap na pamamaalam.

[14] Karagdagan sa mga tinalakay na konsepto tungkol sa kamatayan *(rest in peace)* ang kapayapaan *(peace).*

kabuluhan ng buhay ay malinaw na sangkap ng panatag at payapang pag-iral.

Mapapansin na pangarap ng karamihan ay mapuntahan ang iba't ibang lugar, makapasyal sa ibang bansa, maranasang tumungtong sa isla, baybayin ang karagatan, saksihan ang kalupaan mula sa himpapawid, o sakupin ang kalawakan.[15] Ngunit saan nga ba matatagpuan ang kapayapaan? Hindi kaya nasa malapit lang at hindi na kailangang lumabas pa dahil nasa 'loob' lang? Saan ba tayo nakararamdam ng kapanatagan? Hindi ba sa sarili nating tahanan? Sa sarili nating tahanan tayo nagiging totoo at nagpapakatotoo na walang pagpapanggap. Hindi kaya sa salitang 'tahanan' nagmula ang salitang 'tahan' na kadalasan ay sinasambit sa isang bata upang siya ay patigilin sa pag-iyak? Kung tama ang ugnayan ng mga salita, ang tao ay ang bata na tatahan lang kung siya ay panatag. Ang kapanatagan ay nasa tahanan lang. Ang tahanan ay hindi lamang istruktura o tirahang gusali kundi espayo ng kapayapaan na nilikha ng sama-samang makatwirang pagsusumikap. Ika nga, "ang kawanggawa ay nagsisimula sa tahanan" *(charity begins at home).*

Ang tao ay nananahan upang payapang umiral; ang tao rin ay may kakayahang maging tahanan ng kapayapaan. Kung ang bawat suheto ay magsisilbing tahanan ng kapayapaan, hindi na natin kakailanganin pang baybayin ang kalawakan upang hanapin ito.

## Buod at Pangwakas na Pagninilay

Ang walong paksang maingat, maalalahanin, at makatotohanang tinalakay ay hindi ko maaaring ihiwalay sa mundo, lengguwahe, at kaisipan bilang Pilipino dahil magkabalalay ang istruktura ng mundo at lengguwahe, lengguwahe at kaisipan, gayundin ng mundo at kaisipan.[16] Konteksto, kultura, karanasan, at kamalayan ay mga sangkap na may mahalagang ginampanan sa tangkang pagtatasa sa konsepto ng 'espasyo' sa Pilipinong pananaw tungo sa pagiging tao, pagpapakatao, at pakikipagkapwa-tao.

Sadyang napakalawak ng usapin patungkol sa 'espasyo'. Maging ang maliit na espasyo ay naghahain ng malaking posibilidad. Sa

[15] *Admittedly, humans have successfully conquered the outer space but failed to conquer the inner space.*

[16] *"The facts in logical space are the world."* Ludwig Wittgenstein, *Tractatus Logico-Philosophicus* (New York: Routledge, 1922), 1.1.3.

kasalukuyang panahon ay napakamahal ng mga espasyo – lupa, imbakan ng datos, higaan sa bahay-tulugan, upuan sa salipadpad o salipawpaw, lamesa sa kapihan, atbp. Aminado ako na ang diskursong ito ay hilaw pa at panimula pa lamang ng mas malawak na talakayan na may kinalaman sa espasyolohiya. Hindi kayang balangkasin ang mga usapin na nangangailangan pa ng sapat na pagsipat upang mas masusing mapag-usapan gaya ng mga paksang: 1] Ontolohiya ng pagkatao bilang espasyo at ang pangangailangan ng pribadong espasyo, 2] Lantarang pamamayagpag ng bertwal na espasyo, o 3] Ang espasyo ng etikal na kapaligiran. Ang mga nabanggit na paksa, pati na ang ibang posibleng paksang hindi nabanggit, ay kasama sa espasyong katuloy o karugtong ng nasimulang pagbabaklas ng sanaysay na ito. Ang hamon sa atin ay isulat at ilathala ang pananaw natin sa usaping 'espasyo' dahil sa sarili nating espasyo lang isisilang ang tinutukoy ng mga taga kanluran na natatanging 'pilosopiya' sa Pilipinas. Kung ang pilosopiya sa Pilipinas ay maaari bang bansagang pilosopiyang Pilipino, ito ay panibagong paksang dapat masinop na lapatan ng matatag na argumento dahil baka produkto lamang ito ng Pilipinisasyon ng pilosopiya *(Filipinization of philosophy)*.[17]

## Mga Batis


Alejo, Albert E. *Tao po! Tuloy! (Isang Landas ng Pag -unawa sa Loob ng Tao)*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1990.

Alejo, Albert E. Magisterial Lecture on "Tao Po! Tuloy! Halina sa Loob ng Tao." Accessed December 3, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=VEvVVJe-dgc.

Covar, Prospero R. "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino." *Diliman Review* 41, no. 1 (1993): 5-11.

Enriquez, Virgilio. "Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology." In *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman*, pinamatnugutan nina Allen Aganon and S. Ma. Assumpta David, RVM. Manila: National Bookstore, 1978.


---

[17] Hindi ko itinuring ang pananaw na ito bilang pilosopiyang Pilipino dahil lamang ako ay isang Pilipino. Ang mga isyu sa pagbubukod at panlipunang kawalang-katarungan ay lumalampas sa mga pambansang hangganan at tumatagos sa bawat nasyonalidad.

Foucault, Michel. "Des Espace Autres". Architecture, Mouvement, Continuité. Michel Foucault, Info. Accessed December 3, 2023. https://foucault.info/.

Foucault, Michel. "Of Other Spaces (Des Espace Autres)". Michel Foucault, Info. Accessed December 3, 2023. https://foucault.info/.

Friedman, Michael. "Kant on Geometry and Spatial Intuition." *Synthese*, 186 (1) (2012): 231-255.

Lefebvre, Henri. *The Production of Space*. Oxford, England: Blackwell, 1991.

Miranda, Dionisio M. *Loob: The Filipino Within*. Manila: Divine Word Publications, 1989.

Wittgenstein, Ludwig. *Tractatus Logico-Philosophicus.* New York City: Routledge, 1922.

NOEL S. PARIÑAS, LPT is a graduate of *Bachelor of Philosophy*, *Master of Arts in Philosophy*, *Juris Doctor*, and *Doctor of Philosophy*. He is a Peace-Teach Ambassador and an Accreditor of the Accrediting Agency of the Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACCUP). Devoted to public service, he served as the Social Sciences Department Chair at Benguet State University in 2015, as the Graduate School Dean and Quality Management Executive Chair at Urdaneta City University in 2020, and as a Senior Education Program Specialist at the National Educators Academy of the Philippines under the Department of Education in 2021,  Prior to public service, he was a Philosophy Instructor at Lyceum Northwestern University, University of the Cordilleras, and Adamson University. Currently, he teaches philosophy courses at the University of the Philippines where he incorporates his readings on Paulo Freire in his practices. nsparinas1@up.edu.ph

UNION OF SOCIETIES AND ASSOCIATIONS OF PHILOSOPHY IN THE PHILIPPINES (USAPP)

PHAVISMINDA · PHILOSOPHICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES EST. 1973 · PNPRS · SOCIAL ETHICS SOCIETY 2010

# USAPP 3RD BIENNIAL SUMMIT

This

# CERTIFICATE OF APPRECIATION

is given to

## Noel S. Pariñas

for presenting a paper entitled

**Ang Espasyo sa Pag-iral ng Tao**

delivered during the **USAPP 3rd Biennial Summit**
held on **June 1-3, 2023** at **Saint Louis University, Baguio City**.

**Godofredo Priscilo G. Nebrija, PhD**
PANL President
Host Organization

**Fr. Francis Paul S. Escaño, RCJ**
USAPP Secretary General

SOCIAL ETHICS SOCIETY JOURNAL OF APPLIED PHILOSOPHY (ISSN: 2546-1885)

**Publisher**: SOCIAL ETHICS SOCIETY, INC

**ISSN-L**: 2546-1885

**ISSN**: 2546-1885

**IF(Impact Factor)** : 2024 Evaluation Pending

**Website**: http://ses-journal.com

## Description

The Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy (ISSN: 2546-1885) is an open access, interdisciplinary and peer-reviewed journal that reflects on the ethical and practical dimensions of philosophical issues. It is primarily open to local scholars but accepts submissions from international contributors as well. It publishes two issues annually, i.e. April (online only) and October (print and online). The SES journal is listed in ASEAN Citation Index (ACI) and Philosopher's Index.

SOCIAL ETHICS SOCIETY
JOURNAL OF APPLIED PHILOSOPHY

**Board**

*Editor-in-Chief*

Ian Clark Parcon, PhD, Ateneo de Davao University

*Area Editors*

*General Philosophy and Applied Ethics*

Juichiro Tanabe PhD, *Waseda University*

Christopher Ryan Maboloc, PhD, *Ateneo de Davao University*

*Development Theory and Governance*

Randy Tudy, PhD, Commission on Higher Education Region XI

Rogelio Bayod, PhD, *Cor Jesu College*

*Managing Editor*

Menelito Mansueto, MA, *Mindanao State University-Iligan Institute of Technology*

*International Advisory Board*

Dr. Göran Collste, *Linköping University, Sweden*

Dr. Darryl Macer, *American University of Sovereign Nations, Arizona, USA*

Dr. Merten Reglitz, *University of Birmingham, UK*

Dr. Wataru Kusaka, *Nagoya University, Japan*

Dr. Juichiro Tanabe, *Waseda University, Japan*

Dr. Hassan Kaya, *National Research Foundation, South Africa*

Dr. Christopher Agulanna, *University of Ibadan, Nigeria*

Dr. Japhet Bakuwa, *University of Malawi*

Dr. John Giordano, *Assumption University, Thailand*

Prof. Sukmawani Bela Pertiwi, S.I.P., M.A, *Binus University, Indonesia*

*Editorial Consultants*

Dr. Jeffry Ocay, *Eastern Visayas State University*

Dr. Zosimo Lee, *University of the Philippines – Diliman*

Dr. Paolo Bolaños, *University of Santo Tomas*

Br. Karl M. Gaspar, Ph.D., *St. Alphonsus Theological and Mission Institute*

Dr. Ma. Leovino Garcia, *Ateneo de Manila University*

Dr. Jovito Cariño, *University of Santo Tomas*

Dr. Ryan Urbano, *University of San Carlos*

Dr. Ruby Suazo, *University of San Carlos*

Dr. Orlando Ali Mandane, *University of San Carlos*

Dr. Raymundo Pavo, *University of the Philippines – Mindanao*

Dr. Godiva Eviota, *Mindanao State University – Marawi*

Prof. Milagros Rivera, *Xavier University – Cagayan*

Prof. Fernando Garingo, *Mindanao State University-Iligan Institute of Technology*

SOCIAL ETHICS SOCIETY
JOURNAL OF APPLIED PHILOSOPHY

**Editorial Board**



**Ian Clark Parcon, PhD**
*Ateneo de Davao University*
*Editor-in-Chief*

***Area Editors***

***General Philosophy and Applied Ethics***



**Juichiro Tanabe, PhD**
*Waseda University*



**Christopher Ryan Maboloc, PhD**
*Ateneo de Davao University*

***Development Theory and Governance***



**Randy Tudy, PhD**
*University of Southeastern Philippines*



**Rogelio Bayod, PhD**
*Cor Jesu College*



**Menelito Mansueto, MA**
*Mindanao State University-IIT*
*Managing Editor*